



Republic of the Philippines
Department of Education
Region VII, Central Visayas



DIVISION OF CEBU PROVINCE

Sudlon, Lahug, Cebu City

Marso 19, 2014

Pansangay na Memorandum
Blg. 151, S. 2014

IKA-42 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO NG PASATAF

Para sa: Assistant Superintendent/OIC
Education Supervisors/Coordinators
District Supervisors/OICs
Elementary and Secondary School Heads

1. Kalakip ay Memorandum Pangkagawaran Blg. 158, s. 2014 na may petsang Marso 11, 2014 at pinamagatang “**Ika-42 Pambansang Seminar-Gawaing Kapulungan sa Filipino ng Pasataf**” para sa impomasyon at gabay ng lahat ng kinauukulan.
2. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ARDEN D. MONISIT, Ed.D.
Schools Division Superintendent

Telephone Numbers:

Schools Division Superintendent:	(032) 255-6405
Asst. Schools Division Superintendent:	(032) 414-7457
Accounting Section:	(032) 254-2632
Disbursing Section:	(032) 255-4401
Admin/Legal:	(032) 253-7847
Promotional Staff Section:	(032)520-3217

Website : www.depedcebuprovince.com
E-mail Add : depedcebuprovince@yahoo.com



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION
REGION VII, CENTRAL VISAYAS
Sudlon, Lahug, Cebu City



MAR 11 2014

REGIONAL MEMORANDUM

No. 158, s. 2014

**IKA-42 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN
SA FILIPINO NG PASATAF**

To : Schools Division Superintendents
Officers-In-Charge of Regular and Interim Divisions

1. Enclosed is a letter from Dr. Carmelita C. Abdurahman, Pangulo, Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod (PASATAF), inviting teachers to attend the Seminar-Workshop entitled "Ika-42 Pambansang Seminar-Gawaing Kapulungan sa Filipino ng PASATAF" on April 24-27, 2014 at Teachers Camp, Baguio City.
2. For more information, refer to the attached communication.
3. Attendance of teachers and other interested personnel to this Seminar-Workshop is subject to your discretion based on existing DepED policies and guidelines.
4. For your proper guidance and wide dissemination.


CARMELITA T. DULANGON
Director III
Officer-In-Charge

CTD/EBE./mgb

"Educating for a Strong Republic"

(RD's Office) Tel. nos.: 032-231-1433; 231-1309; 414-7399; Telefax 414-7325; (ARD's Office) Telefax: 032-255-4542;
Field Technical Assistance Division: 032-414-7324; Curriculum and Instruction Division: 032-414-7323; Quality Assurance and
Accountability Division: 032-414-4367; Resource Mobilization and Special Programs and Projects Division: 032-254-7062;
Budget and Finance Division: 032-256-2375; 253-8061; 414-7321; Payroll Service Unit: 032-414-7499;
Administrative Division: 032-414-7326; 255-1313; Planning, Policy and Research Division: 032-233-9030; 414-7065;
Legal Section: 032-414-7366; Cashier Section: 032-231-1071; Records Section: 032-233-4769;
Supply Section: 032-414-7322; Strive: 032-232-9925; 414-0263; Guardhouse: 032-231-2160
Email: www.deped_ro7@yahoo.com



**PAMBANSANG PAMUNUAN
2012-2014**

LUPONG TAGAPAGPAGANAP

Dr. Carmelita C. Abdurahman
Pangulo (R-VIII)

Dr. Ramon J. De Leon
Pangkalahatang Pangalawang
Pangulo (R-III)

G. Jesus B. Valencia Jr.
Pangalawang Pangulo
(Luzon - NCR)

G. Romeo T. Espedon Jr.
Pangalawang Pangulo
(Visayas- R VI)

Dr. Felixberto C. Labastilla
Pang. Pangulo (Mindanao- R IX)

Dr. Godfrey G. Montero
Kalihim (R-VII)

Bb. Rosie A. Martinez
Katuwang na Kalihim (KWF)

Dr. Corazon G. Genobili
Ingat-Yaman (R-II)

**Hadji Mohammad
Amin A. Aukasa**
Tagasuri (ARMM)

Dr. Elpidia B. Bergado
Tagapagbalita (R-IVA)

LUPON NG MGA DIREKTOR

Luisito V. Libatique
(Rehiyon I)

Yolanda V. Serag
(Rehiyon IV-B)

Luz R. Prades
(Rehiyon V)

Felicitas Reyes-Garcera
(Rehiyon X)

Viola S. Esparagoza
(Rehiyon XI)

Josevic F. Hurtada
(Rehiyon XII)

**Pambansang Samahan ng mga Tagamasid
at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAP)**

SEC Reg. No. 0000050484



RD2014-3797

5 - Mar

Pebrero 17, 2014

DR. CARMELITA T. DULANGON
Director III
OIC, Office of Regional Director
DepEd Region VII, Central Visayas

Mahal na Dr. Dulangon:

Mainit na Pagbatil!

Malugod po naming iniiribitahan kayo at ang kaguruan sa inyong Rehiyon na dumalo sa **IKA-42 PAMBANSANG SEMINAR – GAWANG KAPULUNGAN SA FILIPINO** ng PASATAP (Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino). Ro ay gaganihin sa **Abril 24-27, 2014** sa **Teachers Camp, Lungsod ng Baguio**.

Narito po ang detalye ng gawain:

1. Ang paksang-diwa ng pambansang seminar ay **“PASATAP: Kabalik at Pagpapatatag ng Wikang Filipino Tungo sa Daang Matuwid at Patuloy na Pagpapatupad sa Bagong Kurikulum- K to 12”**.
2. Layunin ng seminar ang sumusunod:
 - (a) maisapanahon ang mga kaalaman at kasanayan ng mga guro sa disiplinang Filipino;
 - (b) matalakay ang mga kalakaran sa pagsusulong ng K to 12 kurikulum;
 - (c) maiangkop ang mga kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino sa kasalukuyang kurikulum; at
 - (d) magamit sa aktwal na pagtuturo ang mga kaalaman at kasanayang natutuhan.
3. Inaasahang dadalo ang mga kinatawan na manggagaling sa iba't ibang rehiyon, mga Panrehiyon at Pansangay na Tagamasid sa Filipino, mga punongguro, mga koordineytor/tagapag-ugnay sa Filipino, mga guro ng Filipino sa antas elementarya, sekondarya at tersyarya (pampubliko at pribado); mga gurong nagtuturo ng asignaturang ang wikang panturo ay Filipino, mga mananaliksik, mga mag-aaral sa kolehiyo at antas gradwado na nagpapakadalubhasa sa Filipino at sinumang may interes sa usaping pangwika at pang-edukasyon.

“Kabalik, Kaagapay sa Katatagan ng Filipino sa Bansa at sa Buong Mundo”

Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF)

SEC Reg. No. 000050484

4. Ang lahat ng dadalo ay magbabayad ng Tatlong Libo at Siyam na Daang Piso (Php 3,900) para sa rehistrasyon ng regular na kasapi ng PASATAF na guguguhin sa pagkain at akomodasyon sa tatlong gabi at apat na araw, seminar bag, T-shirt, hand-outs, bayad-kasapian, honorarya at iba pang gastusin at karagdagang Isang Daan at Limampung Piso (Php 150) para sa mga bagong kasapi ng PASATAF.

Magbibigay kami ng diskuwento sa mga maagang magpaparehistro at makapagbayad hanggang Abril 15, 2014. Tatlong libo at Limang Daang Piso (Php 3,500) ang babayaran ng maagang makapagbayad sa pamamagitan ng pagdeposito nito sa bangko. Ipangalan lamang sa PASATAF, Savings Account No. 106100700013 (PNB Taft Avenue-Manila). Pakidala at ipakita ang inyong deposit slip sa araw ng rehistrasyon para sa beripikasyon at pag-isyu ng Opisyal na Resibo

Ang nabanggit na halaga at ang pamasaha ng bawat kalahok mula sa kanilang pinanggalingan patungo sa Baguio at pabalik ay dapat manggagaling sa pondong lokal na sasailalim sa kinagawiang panuntunan sa pagsusuma at pag-aawdit.

5. Kalakip nito ang Programa ng mga Gawain, Mga Tuntunin at Pamantayan ng PASATAF 2014, Advisory mula sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at Kalatas mula sa Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED).
6. Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaaring tumawag o makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

Dr. Carmelita C. Abdurahman
Pangulo, PASATAF
Mobile Phone Blg. 0916-4247024
0908-1371502

Dr. Godfrey G. Montero
Kalihim, PASATAF
Mobile Phone Blg. 0915-4064598
0921-3316629

PASATAF e-mail address: pasataf@gmail.com

Facebook Account: www.facebook.com/pasataf.filipino

Maraming salamat po sa inyong pagtangkilik sa PASATAF at inaasahan namin ang inyong pagdalo.

Lubos na sumasainyo,


DR. CARMELITA C. ABDURAHMAN
Pangulo, PASATAF

Ang PASATAF ay isang pambansang samahang itinatag simula noong 1956 ng pangkat ng mga tagamasid at tagapagtaguyod ng Pambansang Wika, sa pakikipag-ugnay sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED). Pangunahing layunin ng samahan ang pagbukurin ang lahat ng mga tagapagtaguyod sa Filipino upang maging mabisa, mapayaman at mapalaganap ang Filipino sa pamamagitan ng pagsasagawa ng taunang gawaing kapulungan at maipatupad ang mga bagong kaalaman sa larangan ng edukasyon.

"Kabalikat, Kaagapay sa Katatagan ng Filipino sa Bansa at sa Buong Mundo"



PROGRAMA NG MGA GAWAIN

IKA-42 PAMBANSANG SEMINAR - GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO

Bulwagang Carlos P. Romulo, Teachers Camp, Lungsod ng Baguio • Abril 24-27, 2014
TEMA- "PASATAP: Kabalik sa Pagpapatag ng Wikang Filipino Tungo sa Daang Matuwid at Patuloy na Pagpapatupad sa Bagong Kurikulum- K to 12"

ORAS	UNANG ARAW (Abril 24)	IKALAWANG ARAW (Abril 25) AGAHAN	IKATLONG ARAW (Abril 26) AGAHAN	IKAAPAT NA ARAW (Abril 27) AGAHAN
6:00 - 7:00 n.h. 8:00 - 9:30 .	LAKBAY BAGUJO REHISTRASYON AT AKOMODASYON	PAMBUKAS NA PALATUNTUNAN • Pagpapakilala sa mga Delegado • Oryentasyon sa mga Delegado • Susing Pananalita (USec Dina Ocampo, DepEd Central Office)	PANAYAM 4 Ang Papel ng Wika at Kultura sa Edukasyon ng Bansa (Dr. Jovy M. Peragino University of the Philippines - Diliman)	BANAL NA MISA PANAYAM 7 Mga Awiting Filipino Bilang Lunsaran sa Pagtuturo (G. Marion Montecillo Southwile IV Elementary School, Sta. Rosa Leguina)
9:30 - 10:00 10:00 - 11:30	LAKBAY BAGUJO REHISTRASYON AT AKOMODASYON	PANAYAM 1 Mabilisang Pagsasanib ng Edukasyon sa Pagpapakatao sa Pagtuturo ng Wika (Dr. Fe Hidalgo)	PANAYAM 5 Ang Implikasyon ng K to 12 sa Language Education sa mga Unibersidad (Dr. Pamela Constantino University of the Philippines - Diliman)	PANAYAM 8 Ang mga Akda nina Jose Rizal at Andres Bonifacio Tungo sa Isang Belangkas ng Epektibong Pamumunong Pang-edukasyon (Dr. Victor M. Javena DepEd NCR)
12:00 - 1:00 n.h.		PANANGHALIAN	PANANGHALIAN	PANANGHALIAN
1:00 - 2:30	• Pagpapatupad para sa Gawad PASATAP 2014 • Rehistrasyon at Oryentasyon para sa Mutya ng PASATAP	PANAYAM 2 Pagtutara sa Filipino Alinsunod sa Pamantayan ng K to 12 (Prop. Francis Rodolfo M. Marciel Jr., Ateneo de Zamboanga University)	PANAYAM 6 Mga Estratehiya sa Pamamahala ng Malakihang Pangkat ng Mag-aaral (Prop. Pat V. Villafuerte Phil. Normal University)	PAMPINID NA PALATUNTUNAN • Resolusyon • Pagtakalob ng Hand-outs at Sertipiko ng Paglahok
2:30 - 3:00 3:00 - 4:30	REHISTRASYON AT AKOMODASYON • Oryentasyon at Pangkatang Gawain ng mga Bagong Kasapi ng PASATAP	MERYENDA	MERYENDA	MERYENDA
6:00 - 7:00 n.h. 7:00 - 10:00	HAPUNAN REHISTRASYON AT AKOMODASYON	PANAYAM 3 Mga Pamamaraan sa Pagtuturo ng Pagsulat ng Senyasy sa K to 12 (Prop. Vlati S. Mendosa Jr., Pamantasang Lungsod ng Marikina)	GAWAD PASATAP 2014 • Gawad Sigasig • Mga Napataas ng Tungkulin • Mga Nagretro sa Tungkulin • Mga Natatanging Gawad	Pagpupulong ng Bagong Pamumunuan ng PASATAP 2014-2016
		HAPUNAN	HAPUNAN	MALIGAYANG PAGLALAKBAY!
		GABI NG INISASYON (Mga Bagong Kasapi ng PASATAP)	TERTULIA (Gabi ng mga Togenasid)	MUTYA NG PASATAP 2014

DepEd Advisory No. 68, s. 2014
February 14, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

**IKA-42 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO NG PAMBANSANG
SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT TAGAPAGTAGUYOD
SA FILIPINO (PASATAF)**

Ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ay magdaraos ng *Ika-42 Pambansang Seminar-Gawaing Kapulungan sa Filipino* na may temang *PASATAF: Kabalikat sa Pagpapatatag ng Wikang Filipino Tungo sa Daang Matuwid at Patuloy na Pagpapatupad sa Bagong Kurikulum – K to 12* na gaganapin mula Abril 24 hanggang 27, 2014 sa *Teachers Camp (Junior Mess)*, Lungsod ng Baguio.

Ang layunin ng Seminar-Gawaing Kapulungan ay ang mga sumusunod:

1. maisapanahon ang mga kaalaman at kasanayan ng mga guro sa disiplinang Filipino;
2. matalakay ang mga kalakaran sa pagsusulong ng K to 12 Kurikulum;
3. maiangkop ang mga kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino sa kasalukuyang kurikulum; at
4. magamit sa aktwal na pagtuturo ang mga kaalaman at kasanayang natutuhan.

Inaasahang dadalo sa gawaing ito ang mga kinatawan na manggagaling sa iba't ibang rehiyon, pambansang pamunuan at lupon ng mga director ng PASATAF, mga panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino, mga punungguro, mga koordineytor/tagapag-ugnay, mga guro ng Filipino sa antas elementarya, sekondarya at tersyarya (pampubliko at pribado) o sinumang hihirangang kinatawan ng paaralan, *district subject specialists (DSSs)* sa Filipino, mga gurong nagtuturo ng asignaturang ang wikang panturo ay Filipino, mga mananaliksik, mga mag-aaral sa kolehiyo at antas gradwado na nagpapakadalubhasa sa Filipino at sinumang may interes sa usaping pangwika at pang-edukasyon.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa karagdaragang impormasyon o anumang katanungan, maaaring tumawag o makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

- Dr. Carmelita C. Abdurahman
Pangulo
Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod
sa Filipino (PASATAF)
Mobile Phone Blg.: 0916-424-7024; 0908-137-1502
- Dr. Godfrey G. Montera
Kalihim
Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod
sa Filipino (PASATAF)
Mobile Phone Blg.: 0915-406-4598; 0921-331-6629
Email Address: pasataf@gmail.com
Facebook Account: www.facebook.com/pasataf.filipino



Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
COMMISSION ON HIGHER EDUCATION

KALATAS MULA SA TAGAPANGULO

PARASA : LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD

PAKSA : IKA-42 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO NA GAGANAPIN SA ABRIL 24 HANGGANG 27, 2014 SA TEACHERS CAMP, LUNGSOD NG BAGUIO

PETSA : Ika-8 ng Enero taong 2014

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No. 7722* na kilala rin bilang "*Higher Education Act of 1994*", malngod na hinihikayat ng Tanggapang ito na inorganisa ng Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ang suporta at partisipasyon ng mga kinaaukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Para sa karagdagang detalye, listahan ng mga panukalang aktibidad at/o iba pang katanungan patungkol sa pagdiriwang na ito, maaari kayong makipag-ugnayan sa Sangay ng Impormasyon at Publikasyon ng Komisyon sa Wikang Filipino sa mga telepono bilang 0915-4064598/0921-3316629 at sa kanilang email: pasataf@gmail.com.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.

01-0007-b*0017_PASATAF_2014



Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF)

SEC Reg. No. 0000050484

MGA TUNTUNIN AT PAMANTAYAN NG PASATAF 2014

A. PARA SA LAHAT NG KALAHOK/DELEGADO

- Halaga ng Rehistrasyon: *Onsite Registration* – P3,900; *Early Registration* – P3,500
Para sa gustong magpa-preregister, mangyari lamang ideposito ang bayad sa (bangko)
Account Name: PASATAF Account Number: 106100700013
(PNB Taft Avenue – Manila)

Ang bayad sa *early registration* ay tatanggapin bago mag-Abril 15, 2014

Pakitawagan o i-text ang Inga-Yaman upang ipaalam ang inyong pagdeposito at reserbasyon:
Dr. Corazon G. Genobili Contact No. 0915-4139253

Pakidala at ipakita sa araw ng rehistrasyon ang inyong *deposit slip* para sa beripikasyon at pag-isyu ng Opisyal na Resibo.

- Bahagi ng inyong rehistrasyon ang mga sumusunod: 3 gabing akomodasyon sa Teachers Camp; Pagkain: 3 agahan, 3 tanghalian, 3 hapunan at 6 na meryenda; seminar bag; PASATAF t-shirt; bayad-kasapian; hand-outs; sertipiko ng palahok at iba pang gastusin.
- Ang unang pagkain ay sa hapunan ng Abril 24 at ang huli ay sa meryenda sa hapon ng Abril 27.
Hindi pananagutan ng PASATAF ang pagkain at pagtira sa Teachers Camp na hindi sakop ng programa.
- Mahigpit na ipinaaalala na IWASANG magsama ng asawa, anak o kaibigang hindi kasapi ng PASATAF na maaaring makasasagabel sa pagdalo ng mga gawain.
- Magdata ng kaukulang gamot para sa may mga maselang karamdaman.

PARA SA MGA SENIOR CITIZEN

- Magbibigay ng 20% diskunwento sa mga senior citizen na miyembro ng PASATAF
- Dalhin ang *senior citizen ID/kard* bilang katibayan at ipakita ito sa araw ng rehistrasyon.

B. BAGONG KASAPI NG PASATAF

- Magbabayad ng karagdagang isang daan at limampung piso (Php 150) para sa bayad-kasapian
- Dumalo sa Oryentasyon na gaganapin sa unang araw ng kapulungan
- Dumalo at lumahok sa mga gawain ng Gabi ng Inisasyon na gaganapin sa ikalawang gabi ng Kapulungan para matanggap ang ID at sertipiko ng kasapian

C. GAWAD PASATAF 2014

1. Gawad Sigasig

- Dapat nakadalo sa PASATAF ng taong 2012, 2013 at 2014
- Magsumite ng *photocopy* ng Katibayan ng Paglahok o Pagdalo (2012 at 2013) sa Komite ng Gawad PASATAF 2014
- Magpatala at isumita ang mga dokumento sa komite ng Gawad PASATAF 2014 sa Abril 24.

2. Mga Nataas ng Tungkulin

- Kasapi ng PASATAF na nataas ang tungkulin
Halimbawa: mula sa pagiging punongguro (Principal) pataas
- Magsumite ng *photocopy* ng anumang katibayan o dokumento ng pagtaas ng inyong tungkulin sa Komite ng Gawad PASATAF 2014
- Magpatala at isumite ang mga dokumento sa komite ng Gawad PASATAF 2014 sa Abril 24.

3. Mga Nagretiro sa Tungkulin

- Miyembro ng PASATAF na nagretiro at may nagawang ambag sa pagtataguyod at pagpapaulad ng Wikang Filipino
- Magsunmite ng natapos na gawain (accomplishment report).
- Magpatala at isumite ang mga dokumento sa komite ng Gawad PASATAF 2014 sa Abril 24.

Ang Gawad PASATAF ay gaganapin sa hapon ng Abril 26.

D. MUTYA NG PASATAF 2014

- Bukas ang patimpalak sa lahat ng babaeng kasapi ng PASATAF (dalaga o may asawa)
- Walang limit sa edad
- Isa hanggang dalawang kalahok ang maaaring kinatawan ng bawat rehiyon
- Bawat kalahok ay maghahanda ng mga sumusunod: talento, katutubong kasuotan, kasuotang kaswal at pormal na *evening gown*.
- Ito ay gaganapin sa gabi ng Abril 26.

E. GABI NG MGA TAGAMASID

- Inaasahang dadalo sa gawaing ito ang lahat ng mga panrehiyon at pansangay na tagamasid/suprbisor sa Filipino na miyembro ng PASATAF
- Tampok sa gabing ito ang pagpaparangal at pagpapahalaga sa mga Tagamasid sa Filipino sa iba't ibang rehiyon at sangay ng bansa
- Maghanda ng kasuotang kaswal o Filipiniana para sa "Tertulia" (Gabi ng mga Tagamasid at Fellowship)
- Ito ay gaganapin sa gabi ng Abril 26.

F. KALATAS-BALITA (Opisyal na Pahayagan ng PASATAF)

- Para sa mga gustong mag-ambag ng artikulo o anumang akda na maaaring ilathala sa Kalatas-Balita, mangyari lamang ipadala ito sa e-mail ng PASATAF: pasataf@gmail.com

Maraming Salamat po sa inyong pagtangkilik at pakikiisa!

- PAMUNUAN NG PASATAF 2014

"PASATAF: Kabahikat, Kaagapay sa Katatagan ng Filipino sa Bansa at sa Buong Mundo"